

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA MEYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 20, 1995, 9:25 NG UMAGA SA DUT-WAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumaalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Honesto O. Taytay	-
Kagawad Juanito A. Macay, Jr.	
Kagawad Bernabe S. Mortel	
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	

KAPASYAHAN BIG. 21
Taong 1995

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KINAUKULAN NG MADALIANG PAGLILIPAT/PAG-AALIS KAY CHIEF INSPECTOR MARIO N. RAMOS NG 271st MOBILE FORCE COMPANY SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAKKA'T, nararapat lamang na ang isang kawani ng pulisya ay walang pinapanigan sa pagsasagawa ng mga tungkulin at sa halip ay pagtuunan ng pansin ang kapayapaan at kaayusan ng bayan;

SAPAKKA'T, si Chief Inspector Mario N. Ramos ng 271st Mobile Force Company sa bayang ito ay hayagang nakikialam sa gawaing pampulitika at sa tungkulin ng lokal na pulisya;

SAPAKKA'T, ang mga mamamayan ng Bayan ng Roxas ay nangangamba sa magiging kalagayan ng darating na eleksiyong lokal sa ganitong hindi pantay at may kinakatigang pamamahala ni Chief Inspector Mario N. Ramos;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ramulfo C. Bernal na pinangalawahan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa kinaukulan ang madaliang pagpapalipat kay Chief Inspector Mario N. Ramos upang mabura sa isipan ng mga mamamayan at ng mga mamamino ng bayan ng Roxas ang kawalang-tiwala kay Chief Inspector Mario N. Ramos.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Regional Director, RECOM IV, Camp Vicente Lim, Canlubang, Laguna para sa kanilang maagap na pagpapasiya.

geen) -


[Signature]

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Provincial Director at PNP Superintendent Eduardo Sebastian, Provincial Headquarters, Calapan, Oriental Mindoro, Provincial Governor Hon. Rodolfo G. Valencia at Provincial Election Supervisor, Atty. Simon Panganiban gayundin ang Provincial Local Government Operations Officer, lahat sa Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay ng lahat.

Adopted: 20 March 1995


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

7/11/95
Received: April 7, 1995
Paid April 5/95
JSC